

Bakit kailangan ipasuri ang tubig na pang-irigasyon?

Ang tubig na pang-irigasyon ay isang dahilan kung bakit minsan nagkakaroon ng problema sa pagtubo ang mga pananim. Sa pagsusuri ng tubig, malalaman kung ito ba ay angkop na ipandilig o hindi.

Kung tama ang pagkolekta ng tubig, matitiyak na tama rin ang resulta ng pagsusuri nito.


Mga karaniwang ginagamit sa pagkolekta ng tubig

- Bote/Lalagyan ng tubig
- Timba/Tabo
- Pangsulat ng impormasyon ukol sa kinolektang tubig
- Pisi o Lubid



Paraan ng pagkuha ng tubig sa Ilog, Irigasyon at Sapa

1. Kumuha ng tubig (sample) sa gitna ng ilog kung saan ang tubig ay patuloy na umaagos.
2. Ilubog ang tabo sa katamtamang lalim. Kung ang gitna ng ilog ay malayo sa pampang, maaaring magtali ng lubid sa timba at ihagis ito sa gitna ng ilog.
3. Hugasan ang lalagyang bote ng tatlong beses ng tubig na galing sa ilog bago ito punuin.
4. Takpang mabuti ang bote at dalhin kaagad sa pagpapasurian ng tubig.



Paraan ng pagkuha ng tubig sa Lawa o Imbakan ng tubig

1. Kumuha ng tubig (sample) sa iba't-ibang parte ng lawa at sa magkakaibang lalim.
2. Hugasan ang lalagyang bote ng tatlong beses ng tubig na galing sa ilog bago ito punuin.
3. Takpan ng mabuti ang bote at dalhin kaagad ito sa pagpapasurian ng tubig.

Para sa anumang katanungan:

 (045) 961-4150

 iid.rsl@rfo3.da.gov.ph

 Regional Soils Laboratory 3





Department of Agriculture
Regional Field Office III
Regional Soils Laboratory

Paraan ng Pagkuha ng Ipapasuring Tubig Pang-Irigasyon



Paraan ng pagkuha ng Tubig sa Gripo, Poso at mga iinatapong tubig (wastewater)

1. Padaluying maigi ang tubig sa loob ng kalahating minuto.
2. Hugasan ang lalagyang bote gamit ang tubig na lumalabas sa gripo/tubo.
3. Punuin ang lalagyang bote ng tubig at dalhin sa pagpapasurian ng tubig.

Mga impormasyong kailangang itala sa pagkuha ng tubig

1. Pangalan ng kumuha ng tubig/sample.
2. Lugar kung saan kinuha ang tubig.
3. Petsa at panahon kung kailan ito kinuha.
4. Gaano kalalim ang kinuhanan ng tubig.
5. Anong klaseng anyong tubig ang kinuhanan at maikling paglalarawan dito.

Mga Ilang Paalala sa pagkuha ng Tubig

1. Maging maingat sa pagkuha ng tubig para hindi marumihan.
2. Siguraduhing malinis ang paglalagyan ng kinokolektang tubig na ipapasuri.
3. Kumuha ng kalahati hanggang isang litro ng tubig na ipapasuri.
4. Ilagay ang mga nakolektang tubig sa lugar na di naaarawan o di naiinitan. Ang paggamit ng ice chest ay magandang lalagyan ng mga nakolektang sample.
5. Dahil ang kalidad ng tubig ay matulin na magbago sa panahon, mas mainam na ipasuri ng madalas ang tubig.
6. Sumangguni sa mga Kawani ng Soils Laboratory kung may katanungan o nais na humingi ng tulong sa pagkolekta ng tubig.